(NAR) VOL. 12 NO. 1 / JANUARY - MARCH 2001

# [ DECS KAUTUSANG PANGKAGAWARAN BLG. 14, S. 2001, March 20, 2001 ]

## PAGWALANG-BISA SA KAUTUSANG PANGKAGAWARAN BLG. 81, S. 1987 (ANG ALPABETO AT PATNUBAY SA ISPELING NG WIKANG FILIPINO)

1. Kaugnay ng itinatadhana ng Konstitusyon ng 1986 hinggil sa patuloy na pagyayabong at pagyayaman ng Filipino bilang pambansa at pampamahalaang wika, at pag-ayon sa paghiwalay ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ayon sa R.A. 7104, ipinauubaya sa naturang Komisyon ang pagbabago at pag-istandardayz ng alpabeto ng wikangFilipino.

2. Dahil dito ay pinawawalang-bisa ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987, "Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino."

3. Hinihiling ang pagpaabot ng Kautusang ito sa lalong madaling panahon sa lahat ng mga kinauukulan sa larangan.

Adopted: 20 March 2001

(SGD.) RAUL S. ROCO
*Kalihim*

---

Source: Supreme Court E-Library
This page was dynamically generated by the E-Library Content Management System (E-LibCMS)